

ARALIN 25

1. Sino ang nag-ingat kay Jacob at nagligtas sa kanya mula sa lupain ng Haran patungo sa lupain ng Canaan?

-Ang Diyos.

2. Ano ang pangalan ng anak na minahal ni Jacob nang higit sa iba pa niyang mga anak?

-Jose.

3. Dahil mas mahal ni Jacob ang kanyang anak na si Jose kaysa sa iba niyang mga kapatid, ano ang naisip ng ibang mga kapatid kay Jose?

-Sila ay nainggit kay Jose, at napopoot sa kaniya.

4. Ano ang unang panaginip na ibinigay ng Diyos kay Jose?

-Ang mga bigkis ng uhay ng magkapatid ay yumukod sa bigkis ng uhay ni Jose.

5. Ano ang pangalawang panaginip na ibinigay ng Diyos kay Jose?

-Sa panaginip, mayroong araw, buwan, at mga bituin.

6. Ano ang ibig sabihin ng dalawang panaginip?

-Isang araw, gagawin ng Diyos si Jose na pinuno, at ang pamilya ni Jose ay yuyukod sa kaniya.

7. Sino ang nakakaalam sa hinaharap ni Jose, at ipinakita sa kanya ang hinaharap sa pamamagitan ng kanyang mga panaginip?

-Ang Diyos.

8. Nang bisitahin ni Jose ang kanyang mga kapatid sa bukid, ano ang ginawa ng kanyang mga kapatid?

-Una, hinubad nila ang kanyang damit, at inihagis siya sa isang tuyong balon.

-Paglaon, ipinagbili nila si Jose bilang alipin sa mga mangangalakal ng alipin.

9. Saan dinala ng mga mangangalakal ng alipin si Jose?

-Sa Ehipto.

10. Kanino ipinagbili ng mga mangangalakal ng alipin si Jose bilang isang alipin?

-Kay Potipar.

11. Ano ang nangyari habang si Jose ay alipin ni Potipar?

-Ang asawa ni Potipar ay nagsinungaling tungkol kay Jose, at inilagay ni Potipar si Jose sa bilangguan.

-Nakalimutan ba ng Diyos si Jose?

-Hindi. Hindi makalilimutan ng Diyos ang sinuman.

-Si Jose ay nasa bilangguan sa lupain ng Ehipto.

-Ang pangalan ng hari ng Ehipto ay Faraon.

-Isang araw, binigyan ng Diyos ng panaginip ang Paraon, ang hari ng Ehipto.

Basahin natin ang Genesis 41:1-4

1-Sa katapusan ng dalawang taon, ang Faraon ay nanaginip na siya'y nakatayo sa tabi ng Nilo.

2-May umahon sa ilog na pitong bakang magaganda ang anyo at matataba at ang mga ito ay kumain ng damo.

3-Pagkatapos nito, sa likuran ng mga ito ay may pito pang ibang mga baka na umahon sa ilog na mga pangit ang anyo at payat; At sila ay nagsihinto sa tabi ng mga unang baka sa pampang ng ilog.

4-Ang pitong bakang magaganda ang anyo at matataba ay kinain ng mga bakang pangit ang anyo at payat. At nagising ang Faraon.

-Sino ang nagbigay ng panaginip kay Faraon?

-Ang Diyos.

-Ano ang panaginip na ibinigay ng Diyos kay Faraon?

-Pitong payat na baka ang kumain ng pitong matabang baka.

-Noong gabi ring iyon, binigyan ng Diyos si Paraon ng pangalawang panaginip.

Basahin natin ang Genesis 41:5-8

5-Siya'y natulog at nanaginip sa ikalawang pagkakataon; mula sa iisang tangkay ay umusbong ang pitong uhay na mabibintog at malulusog.

6-Pagkatapos nito, pitong uhay na payat at tinuyo ng hanging silangan ang tumubong kasunod ng mga iyon.

7-Nilamon ng mga uhay na payat ang pitong uhay na mabibintog at malulusog. Nagising ang Faraon, at iyon ay isang panaginip.

8-Kinaumagahan, ang kanyang diwa ay nabagabag at siya'y nagpasugo at ipinatawag ang lahat ng salamangkero at mga pantas

sa Ehipto. Isinalaysay ng Faraon sa kanila ang kanyang panaginip, subalit walang makapagpaliwanag sa Faraon.

-Ano ang pangalawang panaginip na ibinigay ng Diyos kay Paraon?

-Pitong manipis na uhay ang kumain ng pitong matabang uhay.

-Si Faraon ang hari ng Ehipto, subalit si Faraon ay hindi naniwala sa Diyos.

-Si Paraon at ang kanyang mga tao ay sumamba sa araw, buwan, at mga bituin.

-Si Paraon at ang kanyang mga tao ay sumamba sa mga palaka, hayop, at ilog na nasa kanilang lupain.

-Kahit na hindi naniniwala si Faraon sa Diyos, nagawa ba ng Diyos na utusan si Faraon na gawin ang nais ng Diyos?

-Oo.

-Kaya bang pangunahan ng Diyos ang mga taong hindi naniniwala sa Kanya?

-Oo.

-Ang Diyos lamang ang nag-iisang Diyos, at kaya Niyang ipagawa sa mga tao na gawin ang Kanyang nais.

-Dahil perpekto ang Diyos, gayunpaman, lahat ng ginagawa ng Diyos sa mga tao ay perpekto.

-Lahat ng pantas ng Ehipto ay hindi maipaliwanag ang mga panaginip ni Paraon.

-Subalit may nagsabi kay Faraon na kayang ipaliwanag ni Jose ang mga panaginip niya.

-Samakatuwid, ipinatawag ni Faraon si Jose na pumunta sa kanya mula sa bilangguan.

Basahin natin ang Genesis 41:14-16

14-Kaya't nagpasugo ang Faraon at ipinatawag si Jose, at madali siyang inilabas sa bilangguan. At nang siya'y makapag-ahit at makapagpalit ng damit ay pumunta sa Faraon.

15-At sinabi ng Faraon kay Jose, "Ako'y nanaginip at walang makapagpaliwanag nito. Nabalitaan ko na pagkarinig mo ng isang panaginip ay naipapaliwanag mo."

16-Sumagot si Jose sa Faraon, na sinasabi, "Hindi ako, ang Diyos ang sasagot sa kapayapaan ng Faraon."

-Alam ni Jose na hindi niya kayang ipaliwanag ang mga panaginip ni Paraon.

-Subalit alam din ni Jose na alam ng Diyos ang paliwanag sa mga panaginip ni Faraon.

-Dahil si Jose ay naniniwala sa Diyos, ipinahayag ng Diyos kay Jose ang pagpaliwanag sa mga panaginip ni Paraon.

Basahin natin ang Genesis 41:25-32

25-Kaya't sinabi ni Jose sa Faraon, "Ang panaginip ng Faraon ay iisa; Ipinakita ng Diyos sa Faraon ang malapit na niyang gawin.

26-Ang pitong malulusog na baka ay pitong taon; At ang pitong mabibintog na uhay ay pitong taon. Ito ay iisang panaginip.

27-At ang pitong payat at pangit na baka na umahong kasunod ng mga iyon ay pitong taon, gayundin ang pitong uhay na tinuyo ng hanging silangan; Ang mga iyon ay pitong taong taggutom.

28-Ito ang aking sinabi sa Faraon. Ang malapit nang gawin ng Diyos ay ipinaalam niya sa Faraon.

29-Magkakaroon ng pitong taong kasaganaan sa buong lupain ng Ehipto.

30-Pagkatapos ng mga iyon, magkakaroon ng pitong taong taggutom at ang lahat ng kasaganaan sa lupain ng Ehipto ay malilimutan at sasalantain ng taggutom ang lupain.

31-Ang kasaganaan sa lupain ay hindi maaalala dahil sa taggutom na susunod; sapagkat ito'y magiging napakatindi.

32-Tungkol sa pag-uulit ng panaginip sa Faraon na makalawa, ito ay nangangahulugan na ang bagay ay itinatag ng Diyos, at iyon ay madali nang gawin ng Diyos."

-Sino ang nagbigay kay Jose ng pang-unawa sa mga panaginip ni Faraon?

-Ang Diyos.

-Ano ang ibig sabihin ng parehong panaginip ni Faraon?

-Ang pitong taon ng masaganang ani ay kakainin ng pitong taon ng taggutom.

-Sa pagdating ng pitong taon ng magandang ani at pitong taon ng taggutom, nagmungkahi si Jose ng plano kay Faraon.

Basahin natin ang Genesis 41:33-36

33-Ngayon nga'y pahanapin ang Faraon ng isang taong matalino at pantas at pamahalain siya sa lupain ng Ehipto.

34-Gawin ng Faraon na maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, at kunin ang ikalimang bahagi ng bunga ng lupain ng Ehipto sa loob ng pitong taong kasaganaan.

35-Tipunin nilang lahat ang mga pagkain nitong dumarating na masasaganang taon, at ikamalig ang mga trigo sa ilalim ng kamay ng Faraon, bilang pagkain sa mga bayan, at itabi ang mga ito.

36-Ang pagkain ay maging laan para sa lupain sa pitong taong taggutom na mangyayari sa lupain ng Ehipto, upang huwag mapuksa ang lupain dahil sa taggutom.”

-Iminungkahi ni Jose na maghanap si Faraon ng isang taong mag-iimbak ng labis sa masasaganang taon ng pag-aani upang magkaroon ng sapat na makakain sa mga taon na taggutom.

-Ano ang naisip ni Faraon sa mungkahi ni Jose?

Basahin natin ang Genesis 41:37-40

37-Ang mungkahi ay ikinatuwa ng Faraon at ng kanyang mga lingkod.

38-Kaya't sinabi ng Faraon sa kanyang mga lingkod, “Makakaita kaya tayo ng isang taong kagaya nito, na kinakasihan ng espiritu ng Diyos?”

39-Sinabi ng Faraon kay Jose, “Yamang itinuro sa iyo ng Diyos ang lahat ng ito, ay walang matalino o pantas na gaya mo.

40-Ikaw ang magiging pinuno sa aking bahay, at ayon sa iyong salita ay susunod ang aking buong bayan; tanging tungkol lamang sa pagkahari magiging mataas ako kaysa iyo.”

-Ginawang hari ng ehipto ni Faraon si Jose.

-Si Paraon lamang ang mas dakila kay Jose sa Ehipto.

-Kahit na ipinagbili si Jose ng kanyang mga kapatid bilang alipin, hindi pinabayaan ng Diyos si Jose.

-Kahit na inilagay si Jose sa bilangguan, hindi pinabayaan ng Diyos si Jose.

-Paano tinupad ng Diyos ang mga panaginip na ibinigay Niya kay Jose noong bata pa si Jose?

-Ginawa ng Diyos si Jose na hari sa buong Ehipto.

-Palaging ginagawa ng Diyos ang Kanyang plano.

-Walang makapipigil sa mga plano ng Diyos.

-Pagkatapos na gawin ni Faraon na pinuno ng Ehipto si Jose, sinimulan ni Jose na mag-iimbak ng labis sa masasaganang taon ng pag-aani.

Basahin natin ang Genesis 41:46-49

46-Si Jose ay tatlumpung taong gulang na nang magsimulang maglingkod sa Faraon na hari ng Ehipto. Si Jose ay umalis sa harapan ng Faraon, at nilibot ang buong lupain ng Ehipto.

47-Ang lupa ay nagbunga ng sagana sa loob ng pitong taon ng kasaganaan,

48-At tinipon niya ang lahat ng pagkain sa loob ng pitong taon na may kasaganaan sa lupain ng Ehipto, at inimbak ang pagkain sa mga bayan. Ang pagkain sa mga bukid na nasa palibot ng bawat bayan ay inimbak sa bawat bayan.

49-Si Jose ay nag-imbak ng napakaraming trigo na gaya ng buhangin sa dagat, hanggang sa huminto siya sa pagtatala nito, sapagkat hindi na ito mabilang.

-Sa loob ng pitong taon ng masasaganang pag-aani, nag-imbak si Jose ng mas marami na higit pa sa mabibilang.

-Nang matapos ang pitong taon ng masasaganang pag-aani, nagsimula ang pitong taon ng taggutom.

-Nasaan ang ama at mga kapatid ni Jose?

-Naninirahan sa Canaan.

-Sa Canaan, nagsimula rin ang taggutom, at ang ama ni Jose at ang kanyang mga kapatid ay wala nang pagkain.

-Ito ang sinabi ng ama ni Jose na si Jacob:

Basahin natin ang Genesis 42:1-5

1-Nabalitaan ni Jacob na may trigo sa Ehipto, kaya't sinabi ni Jacob sa kanyang mga anak, "Bakit kayo nagtitinginan?"

2-Kanyang sinabi, "Aking narinig na may trigo sa Ehipto. Bumaba kayo roon, at bumili kayo ng para sa atin, upang tayo'y mabuhay at huwag mamatay."

3-Kaya't ang sampung kapatid ni Jose ay bumaba upang bumili ng trigo sa Ehipto.

4-Subalit si Benjamin na kapatid ni Jose ay hindi pinasama ni Jacob sa kanyang mga kapatid, sapagkat sabi niya, "Baka may mangyaring kapahamakan sa kanya."

5-Kaya't ang mga anak ni Israel ay kasama ng iba pang nagsidating upang bumili ng trigo, sapagkat ang taggutom ay nakarating na sa lupain ng Canaan.

-Pinadala ng ama ni Jose na si Jacob ang kanyang mga anak sa Ehipto upang bumili ng makakain.

-Ano ang nangyari nang dumating ang mga kapatid ni Jose sa Ehipto?

Basahin natin ang Genesis 42:6b-17

6-At dumating ang mga kapatid ni Jose at sila'y yumuko sa kanya na ang kanilang mga mukha ay nakasubsob sa lupa.

7-Nakita ni Jose ang kanyang mga kapatid at nakilala sila, subalit siya'y nagkunwaring iba sa kanila, at nagsalita ng marahas na mga bagay sa kanila. Sinabi niya sa kanila, "Saan kayo nanggaling?" Sinabi nila, "Mula sa lupain ng Canaan, upang bumili ng pagkain."

8-Nakilala ni Jose ang kanyang mga kapatid, subalit siya'y hindi nila nakilala.

9-Naalala ni Jose ang kanyang napanaginip tungkol sa

kanila; At sinabi sa kanila, “Kayo’y mga espiya, naparito kayo upang tingnan ang kahubaran ng lupain.”

10-Kanilang sinabi sa kanya, “Hindi, panginoon ko, kundi ang iyong mga lingkod ay nagsiparito upang bumili ng pagkain.

11-Kaming lahat ay mga anak ng isa lamang lalaki. Kami ay mga taong tapat; Ang iyong mga lingkod ay hindi mga espiya.”

12-Kanyang sinabi sa kanila, “Hindi! Pumarito kayo upang tingnan ang kahubaran ng lupain.”

13-Ngunit kanilang sinabi, “Kaming iyong mga lingkod ay labindalawang magkakapatid, na mga anak ng isa lamang lalaki sa lupain ng Canaan. Ang bunso ay nasa aming ama ngayon, at ang isa ay wala na.”

14-Sinabi sa kanila ni Jose, “Iyan ang sinabi ko sa inyo, ‘Kayo’y mga espiya!’

15-Sa pamamagitan nito ay masusubok kayo: Kung paanong nabubuhay si Faraon, hindi kayo aalis dito malibang pumarito ang inyong kapatid na bunso.

16-Suguin ninyo ang isa sa inyo at dalhin dito ang inyong kapatid, habang kayo ay nasa bilangguan upang masubok ang inyong mga salita, kung may katotohanan sa inyo; At kung wala, kung paanong nabubuhay ang Faraon, ay tunay na mga espiya nga kayo.”

17-Silang lahat ay kanyang inilagay na magkakasama sa bilangguan sa loob ng tatlong araw.

-Nakilala ni Jose ang kanyang mga kapatid, subalit hindi nakilala ng kanyang mga kapatid si Jose.

-Bakit malupit ang pakitungo ni Jose sa kanyang mga kapatid at inilagay sila sa bilangguan?

-Nais ni Jose na isipin ng kanyang mga kapatid ang ginawa nila sa kanya noong bata pa siya.

-Pagkalipas ng tatlong araw, pinalabas ni Jose ang lahat ng kanyang mga kapatid sa bilangguan maliban sa isa.

-Ito ang sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid:

Basahin natin ang Genesis 42:18-20

18-Nang ikatlong araw, sinabi ni Jose sa kanila, “Gawin ninyo ito at kayo’y mabubuhay; sapagkat may takot ako sa Diyos.

19-Kung kayo’y mga taong tapat, maiwan ang isa sa inyong magkakapatid kung saan kayo nakabilanggo; At ang iba ay humayo upang magdala ng trigo dahil sa taggutom sa inyong mga sambahayan.

20-Dalhin ninyo sa akin ang inyong kapatid na bunso; Sa ganito’y mapapatotohanan ang inyong mga salita, at hindi kayo mamamatay.” At kanilang ginawa ang gayon.

-Si Jose ay nagbigay ng trigo sa kanyang mga kapatid, at pinabalik ang lahat ng kanyang mga kapatid sa Canaan maliban sa isa.

-Pagkalipas ng ilang panahon, naubos ang mga trigo na dinala ng mga kapatid ni Jose sa lupain ng Canaan.

-Samakatuwid, sinabi ng ama ni Jose sa kanyang mga anak na bumalik sa Ehipto upang bumili ng mas maraming trigo.

Basahin natin ang Genesis 43:1-5 & 11-15

1-Noon ay matindi ang taggutom sa lupain.

2-Nang maubos na nilang kainin ang trigo na kanilang dinala mula sa Ehipto, sinabi sa kanila ng kanilang ama, “Bumalik kayo, bumili kayo ng kaunting pagkain para sa atin.”

3-Subalit sinabi ni Juda sa kanya, “Ang lalaking iyon ay mahigpit na nagbabala sa amin, na sinasabi, ‘Hindi ninyo makikita ang aking mukha malibang kasama ninyo ang inyong kapatid.’

4-Kung pasasamahin mo sa amin ang aming kapatid, bababa kami at ibibili ka namin ng pagkain.

5-Subalit kapag hindi mo siya pinasama ay hindi kami bababa; Sapagkat sinabi sa amin ng lalaki, ‘Hindi ninyo ako makikita malibang kasama ninyo ang inyong kapatid.’”

11-Sinabi naman sa kanila ng kanilang amang si Israel, “Kung talagang gayon, gawin ninyo ito: Magdala kayo sa inyong sisidlan ng mga piling bunga ng lupain, at dalhan ninyo ng handog ang lalaki ng kaunting mabangong langis at kaunting pulot, pabango, mira, mga pili at almendras.

12-Magdala rin kayo ng dobleng dami ng salapi; Dalhin ninyong pabalik ang salaping isinauli nila sa ibabaw ng inyong mga sako. Marahil iyon ay hindi napansin.

13-Dalhin din ninyo ang inyong kapatid, at muli kayong maglabay pabalik sa lalaking iyon.

14-Pagkalooban nawa kayo ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ng awa sa harapan ng lalaking iyon upang ibalik sa inyo ang inyong isa pang kapatid at si Benjamin. At ako, kung ako’y mangulila, ako’y mangungulila.”

15-Kaya’t dinala ng mga lalaki ang handog at ang dobleng dami ng salapi at si Benjamin. Sila’y pumunta sa Ehipto, at humarap kay Jose.

-Ang mga kapatid ni Jose ay bumalik sa Ehipto.

-Pagdating nila sa Ehipto, inimitahan ni Jose ang lahat ng kanyang mga kapatid sa kanyang bahay.

Basahin natin ang Genesis 43:16-17

16-Nang makita ni Jose si Benjamin na kasama nila, ay sinabi niya sa katiwala ng kanyang bahay, “Dalhin mo ang mga lalaking iyan sa bahay, magpatay ka ng hayop, at ihanda mo; Sapagkat ang mga lalaking iyan ay manananghaliang kasalo ko.”

17-Dinala ng katiwala ang mga lalaking iyon sa bahay ni Jose.

-Habang magkakasama sina Jose at ang kanyang mga kapatid, ipinahayag ni Jose sa kanyang mga kapatid na siya si Jose.

Basahin natin ang Genesis 45:3-8

3-Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, “Ako’y si Jose. Buháy pa ba ang aking ama?” Ang kanyang mga kapatid ay hindi makasagot sa kanya, sapagkat sila’y nanginig sa kanyang harapan.

4-Kaya’t sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, “Lumapit kayo sa akin.” At sila’y lumapit, at kanyang sinabi, “Ako’y si Jose na inyong kapatid, na inyong ipinagbili upang dalhin sa Ehipto.

5-Ngayon huwag kayong magdalamhati o magalit sa inyong mga sarili sapagkat ako’y ipinagbili ninyo rito; Sapagkat sinugo ako ng Diyos na una sa inyo upang magligtas ng buhay.

6-Sapagkat ang taggutom ay dalawang taon na sa lupain; at limang taon pang hindi magkakaroon ng pagbubukid o pag-aani man.

7-Sinugo ako ng Diyos na una sa inyo upang magpanatili para sa inyo ng mga matitira sa daigdig at upang panatilihin

buháy para sa inyo ang maraming nakaligtas.

8-Kaya't hindi kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Diyos, at ginawa niya ako bilang ama kay Faraon, at bilang panginoon sa kanyang buong bahay, at tagapamahala ng buong lupain ng Ehipto.

-Ano ang sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid?

-Sinabi ni Jose na ang Diyos mismo ang nagdala kay Jose sa Ehipto.

-Dahil may taggutom pa, hiniling ni Jose sa kanyang mga kapatid na bumalik sa Canaan, at dalhin ang kanyang ama at ang kanyang pamilya sa Ehipto.

Basahin natin ang Genesis 45:9-11

9-Magmadali kayo at pumunta kayo sa aking ama, at sabihin ninyo sa kanya, 'Ganito ang sabi ng iyong anak na si Jose: Ginawa ako ng Diyos na panginoon sa buong Ehipto, pumarito ka sa akin, huwag kang magtagal.

10-Ikaw ay maninirahan sa lupain ng Goshen, at malalapit ka sa akin, ikaw at ang iyong mga anak, ang mga anak ng iyong mga anak, ang iyong mga kawan, mga bakahan, at ang iyong buong pag-aari.

11-At doo'y tutustusan kita, sapagkat may limang taong taggutom pa; Baka ikaw, at ang iyong sambahayan, at ang lahat ng iyo ay maging dukha.'

-Ang mga kapatid ni Jose ay bumalik sa Canaan.

-Makinig sa sinabi ng kaniyang mga kapatid sa kanilang ama na si

Jacob:

Basahin natin ang Genesis 45:25-28

25-Sila'y umahon mula sa Ehipto, at dumating sa lupain ng Canaan, kay Jacob na kanilang ama.

26-Kanilang sinabi sa kanya, "Si Jose ay buháy pa! Sa katunaya'y siya ang pinuno sa buong lupain ng Ehipto." Siya ay nabigla; Hindi siya makapaniwala sa kanila.

27-Subalit nang kanilang sabihin sa kanya ang lahat ng mga salita na sinabi ni Jose sa kanila, at nang kanyang makita ang mga karwahe na ipinadala ni Jose upang dalhin siya, ay nanauli ang diwa ni Jacob na kanilang ama.

28-At sinabi ni Israel, "Sapat na! Si Jose na aking anak ay buháy pa. Dapat akong pumunta at makita siya bago ako mamatay."

-Kaya ang ama at mga kapatid ni Jose ay pumunta sa Ehipto upang manirahan kasama ni Jose.

Basahin natin ang Genesis 46:5

5-Kaya't naglakbay si Jacob mula sa Beer-seba at dinala ng mga anak ni Israel si Jacob na kanilang ama, ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa, sa mga karwahe na ipinadala ng Faraon kay Jacob.

-Bakit dinala ni Jacob ang lahat ng kanyang pamilya sa Ehipto?

-Dahil si Jose ay naninirahan sa Ehipto.

-Dahil maraming pagkain sa Ehipto.